BAITANG 10

IKATLONG MARKAHAN

# ARALIN 1

Pangalan: ____________________ Baitang at Pangkat: ____________________

## Pamagat: Ako sa Kanilang Kalagayan

**Panuto:** Pag-aralan ang sitwasyon na nasa ibaba. Ipagpalagay mo na ikaw ay isa sa tauhan sa sitwasyon at sagutin ang mga sumusunod na katanungan at Isulat ito sa sagutang papel.



### Sitwasyon

Isang hapon matapos ang klase, nanatili si Angela sa loob ng silid-aralan. Tahimik ang paligid, pero maingay ang kanyang isipan. Hindi niya matanggal sa isip ang pangyayaring naganap kanina.

Habang hinihintay ang guro, napansin niyang may ilang kaklase na palihim na nagvi-video kay Jomar habang ito'y naglalakad papunta sa kanyang upuan. Tahimik si Jomar, ngunit halatang naiilang at nahihiya. Sa video, nilagyan pa ito ng nakakatawang caption bago ipinasa sa group chat ng klase. Agad itong ikinatuwa ng iba—nagtawanan, nagkomento, at tila nag-enjoy sa panlilibak. Walang guro sa silid. Walang sinuman ang tumigil sa kanila. Naroon si Angela. Hindi siya natawa, pero hindi rin siya nagsalita. Pinili niyang manahimik.



LIVEWORKSHEETS

BAITANG 10
IKATLONG MARKAHAN
ARALIN 1

Pangalan: ____________________ Baitang at Pangkat: ____________________

## Pamagat: Ako sa Kanilang Kalagayan

**Panuto:** Pag-aralan ang sitwasyon na nasa ibaba. Ipagpalagay mo na ikaw ay isa sa tauhan sa sitwasyon at sagutin ang mga sumusunod na katanungan at Isulat ito sa sagutang papel.

**1. Ano ang pangunahing pangyayari na naganap sa silid-aralan matapos ang klase?**

**2. Ano/Anu-anong isyu ang nakapaloob sa sitwasyong nakita ni Angela?**

**3. Kung ikaw si Angela, anong mga konkretong kilos ang maaari mong gawin sa ganitong sitwasyon?**


LIVEWORKSHEETS

# BAITANG 10
## IKATLONG MARKAHAN
# ARALIN 1

Pangalan: ____________________ Baitang at Pangkat: ____________________

## Pamagat: Ako sa Kanilang Kalagayan

**Panuto:** Pag-aralan ang sitwasyon na nasa ibaba. Ipagpalagay mo na ikaw ay isa sa tauhan sa sitwasyon at sagutin ang mga sumusunod na katanungan at Isulat ito sa sagutang papel.

**4. Ano ang maaaring maging epekto ng napili mong kilos sa sarili mo, kay Jomar, at sa inyong klase?**

**5. Anong katangian ang ipinakita ng isang taong kumikilos para itama ang mali, kahit hindi siya direktang sangkot sa sitwasyon?**

**6. Anong konkretong hakbang na maaaring ipatupad ng inyong klase upang mapanatili ang respeto sa dignidad ng bawat isa?**


LIVEWORKSHEETS